
**KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA
PAGKONTROL NG COVID-19**

Kautusang Emergency Quarantine para sa Pampublikong Kalusugan

Petsa ng Pag-isyu ng Kautusan: **Hulyo 28, 2020**

May bisa ang Kautusang ito hanggang ipawalang-bisa sa pamamagitan
ng kasulatan ng Opisyal ng Kalusugan.

Buod: Binabago, ipinahahayag, at pinapalitan ng na-update na Kautusan ng Pa-quarantine (Quarantine Order) ang dating Kautusan ng Pag-quarantine na inisyu ng Long Beach Health Officer mula **Mayo 7, 2020**. Ang mga pagbabago sa Kautusang ito ay inilaan upang magkatugma sa gabay sa Center for Disease Control (CDC) para sa may kaugnayan sa komunidad na exposure sa COVID-19. Ang mga pagbabago ay **naka-highlight sa dilaw**.

Ang California ay nasa isang State of Emergency dahil sa pandemya ng COVID-19. Ang pagkalat ng Novel Coronavirus (COVID-19) ay isang malaking panganib sa pampublikong kalusugan sa loob ng Lungsod ng Long Beach. Ang COVID-19 ay madaling kumalat sa pagitan ng mga taong malapit sa isa't isa. Ang mga indibidwal na malapit ang kontak sa isang taong nasuri na o malamang na magkaroon ng COVID-19 ay madaling mahawaan at kumalat kahit sila ay may banayad na mga sintomas lamang. Walang bakuna na magagamit upang maprotektahan laban sa COVID-19 at walang tiyak na paggamot para sa mga sintomas nito. Ang bawat tao ay nanganganib na magkasakit ng COVID-19, ngunit ang ilang mga tao ay mas madaling kapitan ng malubhang sakit, kabilang ang pulmonya at pagpalya ng organo, pagkamatay, dahil sa kanilang edad, pisikal na kalagayan, at/o katayuan sa kalusugan.

Upang makatulong na mapabagal ang pagkalat ng COVID-19, maprotektahan ang mga mahihinang indibidwal, at maiwasan ang sobrang pagkapuno ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Long Beach, kinakailangan hilingin ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod ng Long Beach (Health Officer) ang pag-quarantine ng sarili ng mga taong na-expose sa isang taong nasuri na o malamang na magkaroon ng COVID-19. Ang quarantine ay naghihiwalay sa mga indibidwal na na-expose sa COVID-19 mula sa iba, hanggang sa matukoy na hindi sila nanganganib para sa pagkalat ng sakit. Pinoprotektahan nito ang lahat, kabilang ang mga taong may mataas na peligro para sa malubhang sakit, tulad ng mga matatanda at mga taong may mahinang immune system.

**SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG MGA BATAS SA KALUSUGAN AT
KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYON (CALIFORNIA HEALTH AND
SAFETY CODE SECTIONS) 101040, 101085, 120175, 120215, 120220, AT 120225
INAATASAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG LUNGSOD NG LONG BEACH:**

Dapat mag-quarantine ang lahat ng mga kontak sa sambahayan, matalik na mga partner, mga tagapag-alaga (caregivers), at mga malalapit na kontak na

nagkaroon ng malapit na kontak sa isang taong nasuri na mayroon o malamang na magkaroon ng COVID-19 habang ang taong iyon ay nakakahawa ay dapat mag-quarantine ng kanilang sarili. Kinakailangang sundin ng mga taong naka-quarantine ang lahat ng mga tagubilin sa Kautusang ito at ang Pampublikong Kalusugan na gabay na tinutukoy ng Kautusang ito.

Mga Kinakailangan sa Quarantine para sa mga Kontak sa Sambahayan, Matalik na Kapareha, Tagapag-alaga, at Malapit na Kontak ng mga Taong may or Malamang Magkaroon ng COVID-19

Ang isang tao ay itinuturing na malapit ang kontak sa isang taong may o malamang na nagkaroon ng COVID-19 kung sila ay:

- a. Nasa loob ng anim (6) na talampakan nang higit sa **15** minuto O
- b. Nagkaroon ng hindi protektadong direktang kontak sa mga lumalabas (secretion o excretion) (hal., pagbahing o ubo) ng isang taong nasuri na may o malamang magkaroon ng COVID-19.

Kinakailangang gawin ng lahat ng mga indibidwal na nakakaalam na sila ay nagkaroon ng malapit na kontak, tulad ng isang kasambahay, isang matalik na kapareha, isang tagapag-alaga sa labas ng isang lugar ng pangangalaga sa kalusugan, o iba pang malapit na kontak, sa **isang Indibidwal na may Sintomas O Indibidwal na Walang Sintomas**, tulad ng pagkakatukoy ng Kautusan (sa ibaba), ay kinakailangang gawin ang mga sumusunod na aksyon:

- **Mag-quarantine sa kanilang bahay o ibang lugar hanggang sa 14 araw mula sa huling petsa ng kanilang huling kontak sa isang tao na may sintomas o malamang na magkaroon ng COVID-19.** Kinakailangan ang pag-quarantine ng sarili kung ang isang indibidwal ay nagkaroon ng malapit na kontak sa isang taong may:
 - a. Isang positibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19;
 - b. Mga palatandaan at sintomas na tumutugma sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw ng pagkakaroon ng malapit na kontak o ugnayan sa isang taong nagkaroon o pinaniniwalaang nagkaroon ng COVID-19; O
 - c. Sinabihan ng doktor na malamang sila ay magkaroon ng COVID-19.
- Kinakailangan i-quarantine ng mga indibidwal ang kanilang mga sarili sa loob ng buong na araw na panahon ng incubation ng COVID-19 dahil sila'y nanganganib na magkaroon at manghawa ng COVID-19. Ang mga taong nasa quarantine ay hindi maaaring umalis sa lugar kung saan sila naka-quarantine o pumasok sa kahit na anong pampubliko o pribadong lugar sa panahon ng quarantine, maliban na lamang upang tumanggap ng kinakailangang pangangalagang medikal. **Kung ang isang indibidwal ay nasuri sa loob ng 14 na araw na panahon ng pag-quarantine at ang resulta ay negatibo, HINDI ibig sabihin na ikaw ay hindi**

na sasailalim ng pag-quarantine. Dapat kang manatili sa quarantine sa buong 14 na araw.

- a. I-review ng mabuti at sundin maigi ang lahat ng mga kinakailangan na nakalista sa “Gabay ng Quarantine sa Bahay para sa mga Nagkaroon ng Malapit na Kontak o Pakikipag-ugnay sa Coronavirus na Sakit 2019” (Home Quarantine Guidance for Close Contacts to Coronavirus Disease 2019 (COVID-19)) na dokumento, na makukuha sa [Ingles](#) at [Espanyol](#).
- b. Kung ang isang naka-quarantine na tao ay nagkasakit ng lagnat, ubo, o igsi ng paghinga, **sobrang pagkapagod, pananakit ng kalamnan o katawan, pananakit ng ulo, panibagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, pananakit ng lalamunan, barado o sipong tumutulo, pagduduwal o pagsusuka, o pagtatae** (kahit na ang kanilang mga sintomas ay napaka banayad), upang maprotektahan ang iba mula sa COVID-19, dapat nilang ihiwalay ang kanilang sarili sa bahay at malayo sa ibang tao at sundin ang "Mga Tagubilin ng Paghihiwalay para sa Mga Taong may Coronavirus-2019 (COVID-19) na Impeksyon," na makukuha sa [Ingles](#) at [Espanyol](#). Ito ay dahil malamang na magkaroon sila ng COVID-19 at kung ganun, maikalat ito sa iba.

Ang "Symptomatic Individua (Indibidwal na may Sintomas)" ay tinukoy bilang isang taong nasuri o malamang na magkaroon ng COVID-19 na nagsisimula 2 araw bago sila magsimulang magpakita ng mga sintomas hanggang matapos ang pagbubukod ng taong iyon.

Ang "Asymptomatic Indibidwal (Indibidwal na Walang Sintomas)" ay tinukoy bilang isang taong positibong nasuri na may COVID-19 (RT-PCR na pagsusuri para sa SARS-CoV-2 RNA) ngunit walang mga sintomas na itinuturing na nakakahawa 2 araw bago ang ginawa ang kanilang pagsusuri hanggang 10 araw pagkatapos silang masuri.

Hindi nalalapat ang kautusang ito sa mga empleyado ng mga ahensya ng gobyerno at iba pang mga mahahalagang manggagawa sa imprastruktura, kung ang ahensya, sa pagkonsulta sa Opisyal ng Kalusugan, ay gumawa ng pagpapasiya dahil sa CDC na [gabay](#) na ang isang alternatibong pamamaraan sa pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19 ay kinakailangan upang matiyak ang patuloy na paghahatid ng mga kritikal na serbisyo sa komunidad. Maaari ring iakma ang mga quarantine protocol ng mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan sa panahon ng matinding kakulangan sa lugar ng trabaho.


Maaaring gumawa ng karagdagang aksyon (mga) ang Opisyal ng Kalusugan, kabilang ang detensyong sibil o ang pagpapanatili sa isang pangkalusugang pasilidad o ibang lokasyon, kung ang isang indibidwal ay lumabag at nabigong sumunod sa Kautusang ito, upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko. Ang paglabag sa Kautusang ito ay isang maliit na kasalanan (misdemeanor) o may kaparusahan ng pagkabilanggo, multa o pareho sa ilalim ng Batas sa Kalusugan ng California at Seksyon 120275 et seq. (California Health and Section Code Section 120275 et seq). Bilang karagdagan,

Hulyo 28, 2020

Pahina 4

alinsunod sa Seksyon 41601 ng Batas ng Pamahalaan ng California (California Government Code), hinihiling ng Opisyal ng Kalusugan na tiyakin ng Hepe ng Pulisya sa Lungsod ng Long Beach ang pagsunod at pagpapatupad ng Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay nagsisilbing isang napipintong banta at lumilikha ng isang agarang kapahamakan sa kalusugan ng publiko.

IPINAG-UUTOS:



Anissa Davis, MD, DrPH,
Opisyal ng Kalusugan, Lungsod ng Long Beach
Petsa: Hulyo 27, 2020

PAGPROKLAMA NG MGA REGULASYON SA EMERGENCY

Bilang Direktor ng Civil Defense para sa Lungsod ng Long Beach alinsunod sa Long Beach Municipal Code ("LBMC") na seksyon 2.69.060.A, at alinsunod sa mga probisyon ng LBMC Kabanata 8.120, awtorisado akong magproklama ng mga regulasyon para sa proteksyon ng buhay at ari-arian bilang apektado ng COVID-19 emergency alinsunod sa seksyon ng Government Code 8634, at mga seksyon ng LBMC 2.69.070.A at 8.120.020. Ang mga sumusunod ay magkakabisa para sa tagal ng Long Beach Health Officer Order, HEALTH OFFICER ORDER FOR CONTROL OF COVID-19: Public Health Emergency Quarantine Order (KAUTUSAN NG HEALTH OFFICER PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19: Kautusan sa Pag-quarantine para sa Pampublikong Emergency sa Kalusugan), na inisyu sa itaas, na isinama sa kabuuan nito sa pamamagitan ng pagsangguni:

Ang Kautusan ng Long Beach Health Officer, HEALTH OFFICER ORDER FOR CONTROL OF COVID-19: Public Health Emergency Quarantine Order (KAUTUSAN NG HEALTH OFFICER PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19: Kautusan sa Pag-quarantine para sa Pampublikong Emergency sa Kalusugan), ay ipoproklama bilang isang regulasyon para sa proteksyon ng buhay at ari-arian.

Ang sinumang tao na, pagkatapos ng paunawa o abiso, alam at sadyang lumalabag o tumatanggi o nagpapabaya na sumunod sa nabanggit na legal na inisyong Health Order (Kautusan sa Kalusugan) ay magkakasala ng misdemeanor na may parusahan ng multa na hindi lalampas sa isang libong dolyar (\$1,000), sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa loob ng isang panahon hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o sa kapwa ng naturang multa at pagkabilanggo. (Mga seksyon ng Long Beach Municipal Code 8.120.030.A at 8.120.030.E.3.)

Hulyo 28, 2020

Pahina 5

ITO AY IPINAG-UTOS:

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'T.B. Modica', written over a yellow rectangular redaction box.

Thomas B. Modica

City Manager, Lungsod ng Long Beach

Petsa: Hulyo 28, 2020